

Ateneo de Manila University

Archium Ateneo

Filipino Faculty Publications

Filipino Department

2006

Ang Dapat Mabatid ng Sinumang Tutula (O Magtuturo ng Pagsulat ng Tula)

Michael M. Coroza

Ateneo de Manila University, mcoroza@ateneo.edu

Follow this and additional works at: <https://archium.ateneo.edu/filipino-faculty-pubs>



Part of the [Poetry Commons](#)

Custom Citation

Coroza, M. (2006). Ang Dapat Mabatid ng Sinumang Tutula (O Magtuturo ng Pagsulat ng Tula). *Daluyan Journal ng Wikang Filipino*, 13(1-2), 44-67.

This Article is brought to you for free and open access by the Filipino Department at Archium Ateneo. It has been accepted for inclusion in Filipino Faculty Publications by an authorized administrator of Archium Ateneo. For more information, please contact oadrcw.ls@ateneo.edu.

Ang Dapat Mabatid ng Sinumang Tutula (O Magtuturo ng Pagsulat ng Tula)

(Pinahabang bersiyon ng panayam na binigkas sa E-Mahinasyon at E-Salin: Ang Malikhaing Pamamaraan sa Pagsusulat at Pagsasalin, na itinaguyod ng Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman, Surian ng Malikhaing Pagsulat-UP Diliman, at Samahan ng mga Tagasalin, Pulungang Recto, Bulwagang Rizal, UP Diliman, Quezon City, 19 Oktubre 2005. Nalathala sa *Daluyan Journal ng Wikang Filipino*, Tomo XIII Blg. 1-2, 2006, pahina 44-67.)

ni Michael M. Coroza

Sa tuwing maaanyayahan akong magsalita tungkol sa pagsulat ng tula, mahalagang itinatanong ko sa mga nakakaharap ko kung ano o sino na ang kanilang nabasa. Dahil tulad ng alinmang larang o disiplina, kailangan sa pagtula ang sapat na kaalaman at kasanayan sa teorya at praktika nito. Tulad ng isang manlilikha o kompositor ng awit na nagkagiliw o naaliw muna sa pakikinig sa maraming awit na likha ng iba, tiyak na naakit o natuwa muna sa tula ng kung sinong makata ang isang nagsusulat ng tula. Napakahirap isipin na basta na lamang nagigising na isang makata o naghahangad nang tumula ang sinuman.

Nakasalalay, kung gayon, sa husay at sigasig ng guro sa panitikan ang pagkalinang ng interes sa pagtula ng mga mag-aaral. Sa konteksto ng modernong pamumuhay, sa mga klase sa literatura unang nagkakaroon ang mga bata ng pormal na pag-aaral ng tula. Aspektong pang-anyo o teknikal ng tula ang tinutukoy ko sa paggamit ng salitang pormal, hindi simpleng sitwasyon o paraan ng pag-aaral.

Sa higit na mababang antas, dapat lamang asahan na unang natutuon ang pansin ng pag-aaral ng tula, at ng anumang anyo ng panitikan sa pangkalahatan, sa moral lesson. Madalas nga, nauuwi ang lahat ng pag-uusap tungkol sa isang akda sa pagtiyak ng mensaheng ibinabahagi ng

awtor. Dahil may bahagi sa mga lesson plan ng guro na nagtatakda na dapat ay may gawin ang mga mag-aaral bilang katibayan ng pagkatuto, madalas na pinasusulat din ang mga bata ng tula o sanaysay bilang reaksiyon o tugon sa akdang pinag-aralan.

Wala akong nakikitang masama rito. Dahil sa inspirasyong nakuha sa akdang binasa, naaakit ang mag-aaral na magsulat din ng sarili niyang akda. Ngunit may isang problema. Kung aral ng tula ang pinag-usapan sa klase, bakit tula ang ipagagawang aktibidad sa mag-aaral? Hindi ba dapat ay aplikasyon sa buhay ng natutuhang aral ang dapat na gawin nila? Bakit patutulain ang mga bata? Tinuruan ba sila kung paano tumula? Iba ang pagkabatid sa aral kaysa sa pagkatuto ng proseso ng pagtula.

Sa madali't salita, kung patutulain natin ang mga bata sa klase sa Filipino o Literatura, dapat lamang na tinuruan muna sila kung paano ba tumutula. Hindi sapat na nakuha nila at nagandahan sila sa aral ng isang tula para makasulat na rin sila ng tula. Maraming dapat matutuhan sa proseso ng pagbuo ng tula. Hindi ba makatarungan lamang na kung ano ang itinuro, iyon ang asahang alam ng bata? Kung moral lesson ang alam, baka homiliya o sermon ang dapat asahang magagawa nila. Ibang-ibang hayop ito kaysa sa tula.

Sa panayam na ito, pagtutuunang pansin ang para sa akin ay tatlong pangunahing pangangailangan para sa pagsulat ng tula sa wikang Filipino, na dapat taglayin ng mga mag-aaral sa hayskul man o kolehiyo bago sila patulain. Una, kamalayan sa tradisyon; ikalawa, pagiging bukas sa impluwensiya; at ikatlo, pagpapasok ng inobasyon. Nasa pagtupad sa mga pangangailangang ito, at nasa dinamikong inter-aksiyon ng mga ito, ang ikapagtatagumpay ng isang matulaing proyekto.

KAMALAYAN SA TRADISYON

Sa mga sinaunang oratura ng ating mga ninuno tulad ng mga bugtong, salawikain, at iba pang lirikal na tula gaya ng tanaga at dalit na nasagip mula sa ganap na pagkawala ng mga misyonerong Espanyol, nahihinuha ng mga antropologo ang naging buhay at pamumuhay ng mga tao sa prekolonyal na pamayanan sa Filipinas. Sa paglalarawan nga nina Lumbera at Lumbera:

*As literary works created in the setting of a society where the resources for economic subsistence—land, water, and forest—were communally owned, the oral literature of the precolonial Filipinos bore the marks of the community. The subject matter was invariably the common experience of the people constituting a village—food-gathering, creatures and objects of nature, work in the home, field, forest, or sea, caring for children, etc.*¹

Anupa't sa panahong iyon, sa wari'y isang karaniwang gawain ang pagtula, at ang lahat ay makata. Pagkat walang pribadong pag-aari ang sinuman, walang kinikilalang isang may-akda o lumikha. Nakatuon ang pansin ng lahat sa pinagsasaluhang likha na kasinghalaga ng kanilang pinagsasaluhang mga pinagkukunan ng ikinabubuhay—lupa, tubig, at gubat. Para sa mga katutubo, bukal ang tula ng mga katotohanang dapat mabatid at isabuhay ng lahat. At gaya ng naitala ng mga misyonerong dumating sa Filipinas, may tugma at sukat ang ating katutubong panulaan.²

Upang ganap na maisakatuparan ang dakilang proyekto ng Ebanghelisasyon, kinailangang magmakata ng mga unang misyonerong Espanyol na dumating sa Filipinas. Bagaman nasabihang "Magaling datapoua hindi tola" ng isang katutubo sa simula dahil sa

¹ Bienvenido Lumbera at Cynthia Nograles Lumbera, *Philippine Literature, A History and Anthology*, Nirebisang edisyon, (Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 1997), p. 2.

² Tingnan ang mga pag-aaral nina Fray Gaspar de San Agustin at Francisco Bencuchillo sa Almario, Virgilio S., pat., *Poetikang Tagalog, Mga Unang Pagsusuri sa Sining ng Pagtulang Tagalog*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino at National Commission for Culture and the Arts, 1996.

hilahod na pagtutugma, hindi nasansala si Francisco Blancas de San Jose sa pagsesermon niya sa paraang patula at sa tuluyang paglalathala ng mga ito sa kaniyang *Memorial de la vida cristiana en lengua tagala* (1605).³

Nakita marahil nina San Jose at ng iba pang misyonerong nagsisunod sa kaniyang mga yapak gaya nina Alonzo de Santa Ana at Pedro de Herrera kung papaano nakaaapekto ang tula sa kamalayan ng mga katutubo. Ang pagkasangkapan dito ay isang mabisa at mabilis na paraan upang matutuhan ng mga katutubo ang doktrina ng Iglesia Katolika o sa madali't salita'y ganap na mabago ang pagtanaw sa mundo ng mga katutubo. Ganito ang naging obserbasyon ni Rene B. Javellana hinggil sa bagay na ito:

. . . kinilala ng mga misyonero ang kahalagahan ng panitikan sa paghubog ng kaisipan ng balana, kaya noong 1582, nagpasya ang junta ng Simbahan sa Maynila na mahalagang gawain ang pagsasalin ng mga aral ng Kristiyanismo sa mga wika ng Pilipinas. At noong 1603, naglabas ang hari ng dekreto ng nagtatakda na kailangang marunong ng wika ng indio ang misyonerong magtatrabaho sa Pilipinas.⁴

Bunga nito, hindi nakapagtata kang may katutubong agad na natuto at sumunod sa halimbawa ng mga misyonerong makata. Ang nakilala lamang sa kasaysayan bilang si "una persona tagala" ang maituturing na unang katutubong makata na Kristiyano at siyang sumulat ng "May bagyo ma't may rilim".⁵ Sa tulang ito, naging sentro ng pananalinghaga ang liwanag at kapangyarihang ipinagkakaloob ng Ama (ang Diyos na ipinakilala ng mga misyonerong Espanyol) sa sinumang magsusumikap na Siya ay makita. Ang mga larawang kasangkapan dati

³ Bienvenido Lumbera, *Tagalog Poetry 1570-1898, Tradition and Influences in its Development* (Quezon City: Ateneo De Manila University Press, 1986), p. 28.

⁴ Rene B. Javellana, pat., *Mahal na Passion ni Jesu Christong Panginoon natin na Tola* (Quezon City: Ateneo De Manila University Press, 1990), p. 11.

⁵ Sa Lumbera, *Tagalog Poetry*, p. 151, tinukoy na ang tulang ito ay matatagpuan sa p. 451-52 ng edisyong 1835 ng aklat na *Memorial de la vida cristiana en lengua tagala* ni Francisco Blancas de San Jose.

sa paglalahad ng mga karanasang domestiko tulad ng bagyo, daluyong, timbulan, at tungkod ay nabalot ng mga pagpapakahulugang Kristiyano.

Makaraan ang halos isandaang taon, isang Gaspar Aquino de Belen ang nakalikha ng *Mahal na Passion ni Jesu Christong Panginoon natin na Tola* noong 1703.⁶ Ang akdang ito ni De Belen ang unang pasyong nasulat sa bansa at nagsilbing batayan ng itinuturing na pinakapopular na bersiyon ng pasyon, ang *Casaysayan ng Pasiong Mahal ni Jesucristong Panginoon Natin na Sucat Ipag-alab nang Pusong Sinomang Babasa* (1814). Ang popular na bersiyong ito ang siyang inaawit-awit pa rin hanggang sa kasalukuyan tuwing semana santa. Ito rin ang tuwirang sinipi o isinalin sa iba't ibang wika ng mga rehiyon sa Filipinas.⁷

Senyal ng maluwalhating pananagumpay ng mga misyonerong Espanyol ang naging popularidad ng pasyon. Masasabing humalili ito sa mga epiko at tula ng panahong prekolonyal. Sa panahon ng paglitaw ng pasyon, ang Kristiyanismong batay sa turo ng mga misyonero ang siya nang namamayaning paraan ng pag-iisip o pagtanaw sa daigdig ng mga katutubo. Kamalayan itong namayani sa kanilang mga tula at iba pang lumitaw na anyo ng panitikan gaya ng mga awit, korido, at moro-moro. At may estriktong tugma at sukat ang pasyon—walong pantig bawat taludtod, isahang tugma.

Sanhi ng mga radikal na pangyayaring bumago sa takbo ng kasaysayan noong ikalabingwalo at ikalabinsiyam na siglo (e.g. Himagsikan sa Francia at Amerika Latina, ang pagsulong ng agham na humantong sa Rebolusyong Industriyal, at iba pa), namulat at

⁶ Sa *Tagalog Poetry*, p. 249, tinukoy ni Bienvenido Lumbea na 1704 nalimbag ang nasabing akda subalit pinatunayan ni Rene B. Javellana sa kaniyang *Mahal na Passion*, p. 19-21 na 1703 ang tunay na taon ng pagkakalimbag nito.

⁷ Rene B. Javellana, pat., *Casaysayan nang Pasiong Mahal ni Jesucristong Panginoon Natin na Sucat Ipag-alab nang Pusong Sinomang Babasa* (Quezon City: Ateneo De Manila University Press, 1988), p. 235.

nagpahalaga ang ilang nakapag-aral na Filipino sa mga batayang kaisipan ng bagong kaayusan ng mundo—pagkakapantay-pantay, pagkakapatiran, at kalayaan. Kung sa sinundang panahon ay naging ministro ng mananakop ang makata, sa ikalabingwalo at ikalabinsiyam na siglo ay naging isa siyang propeta ng madla, nagpupunla ng mithing paglaya mula sa kamangmangan sa mga tunay na nangyayari sa bayan at mula sa pambubusabos ng mga dayuhan.

Isiniwalat ni Francisco Balagtas sa kaniyang mga saknong, na may sukat na labindalawahan at tugmang isahan, na sa loob at labas ng bayan niyang sawi ay kaliluhan ang naghahari. Nilapastangan ni Marcelo H. Del Pilar ang mga dasal Katoliko upang mailantad ang mga kasamaan ng kolonyalismong Espanyol na nakamaskara ng kabanalan. Pinag-iba ni Jacinto ang ningning at liwanag upang maakay ang madla tungo sa pagtatakwil sa mapagbalatkayong katotohanan at sa ganap na pagkilala at pagpapahalaga sa dakilang matuwid. Idineklara ni Bonifacio sa kaniyang mga tulang may taludturang hawig ng kay Balagtas na ang pag-ibig sa tinubuang lupa ay katumbas ng pagmamahal sa Diyos upang mapakilos ang bayan tungo sa maluwalhating pagbawi ng kaniyang kalayaan.

Bagaman naunsiyami ang paglaya ng bayan bunga ng pagdating ng bagong mananakop, ang mga Amerikano, hindi nasansala ang diwang makabansa sa pagtula ng mga makata sa pagsisimula ng siglo dalawampu. May mga kamalayang nahubog sa panahon ng propaganda at himagsikan, ang mga makatang tulad nina Aurelio Tolentino, Lope K. Santos, Iñigo Ed. Regalado, Julian Cruz Balmaceda, Pedro Gatmaitan, Benigno Ramos at iba pa, na nagtaguyod ng poetikang lumilingon sa maluwalhating kahapon ni Balagtas at nagsusulong ng mapagpalayang diwa nina Del Pilar at Bonifacio. Lalo pa nga silang naging masigasig sa pagtataguyod ng tugma at sukat nang mga panahong iyon. Ayon sa pagtaya ni Bienvenido Lumbera, *"The best of the literature of the early years of the Americans was actually a continuation of the literature of the*

Propaganda Movement and of the Revolution."⁸

Umabot sa tugatog ang pakikisangkot ng mga manunulat sa pagsisimula ng dekada sitenta matapos maganap ang unang sigwa o ang First Quarter Storm. Sa pagkakatatag ng Panulat para sa Kaunlaran ng Sambayanan (PAKSA) noong 1971, malinaw na nailatag ang poetika ng protesta. Sa mensaheng ipinadala ni Jose Ma. Sison sa mga lumahok sa kongreso ng pagtatatag ng PAKSA na ginanap noong ika-18 hanggang ika-19 ng Disyembre 1971 sa Unibersidad ng Pilipinas, binigyang-diin ang ganito:

Ang maglingkod sa sambayanan ngayon ay pagtupad sa isang tiyak na tungkulin sa rebolusyonaryong pakikibaka para sa pambansang demokrasya laban sa imperyalismong Amerikano, piyudalismo at burukratang kapitalismo. Ang rebolusyong pangkultura ay isang namumukod bagama't di maihihiwalay na bahagi ng rebolusyonaryong kilusang pangmasa.⁹

Nananangan sa mga aral ni Mao Tse Tung, iginiit ni Sison sa mga manunulat na dapat padaluyin sa mga akdang pampanitikang gaya ng tula, dula, maikling kuwento, sanaysay, at maging sa mga iskrip sa pelikula at telebisyon, sa komiks at iba pa, ang mga kaisipang rebolusyunaryo at makauri. Dahil para sa masa ang mga akdang ito, ang wikang nauunawaan ng masa ang dapat gamitin—Pilipino. Higit sa lahat, idiniin niya na sa mga ganitong akda ay dapat "gawing bayani ang mga manggagawa, magsasaka at rebolusyonaryong kawal sa ilalim ng pulang bandila ng proletaryado."¹⁰

Sa panahong ito, umusbong ang ideyang "panitikan para sa masa". Naging pangunahing layunin ng pagsusulat ang "paghuli sa puso't kalooban ng masa—ang nakararami't maralitang

⁸ Lumbera, *Revaluation 1997: Essays on Philippine Literature, Cinema, and Popular Culture* (Maynila: University of Santo Tomas Publishing House, 1997) p. 17.

⁹ Jose Ma. Sison, "Mga Tungkulin ng mga Kadre sa Larangan ng Kultura", sa Elmer A. Ordoñez, pat., *Nationalist Literature, A Centennial Forum* (Quezon City: University of the Philippines Press at PANULAT/Philippine Writers Academy, 1996), p. 241.

¹⁰ Ibid., p. 249.

sambayanan."¹¹ Naging saligan sa gawaing ito ang Marxistang pananaw sa kritikal na pagsusuri ng mga tunggalian ng uri, kasaysayan at mga pangyayari sa lipunan.¹²

Maihahalintulad ang panahong ito sa panahon ng Propaganda at Himagsikan. Kaya nga tinawag itong "Ikalawang Propaganda" ni Almario. Ngunit may malinaw na pagkakaiba ang dalawang panahon. Ang Kilusang Makabansa noong 1896, na ipinagpatuloy ng mga nasyonalista noong bungad ng siglo dalawampu, ay higit na ibinunsod ng hangaring makakultura at makalahi. Ang layunin noon ay ang mapag-isa ang sangkapuluan upang maging isang matatag na bansa laban sa makapangyarihang mananakop. Sa ikalawang hati ng siglo dalawampu, ang laban ay para sa ikapagkakaisa at ikapagtatagumpay ng masa—ang uring nakararami't inaapi—laban sa mga mapaniil na ang karamihan ay mga Filipino na rin, na dahil sa kawalan ng matatag na pananaw na mapagpalaya at makabansa ay nakikipagsabwatan sa mga imperyalista kung kaya lalong nasasadlak sa kahirapan ang bayan.¹³

Napakahaba ng tradisyon ng pagtulang may sinasabi sa Filipinas. Mula kina Andres Bonifacio at Marcelo H. del Pilar noong panahon ng mga Espanyol, hanggang kina Benigno Ramos, Jose Corazon de Jesus, at Amado Hernandez noong panahon ng Amerikano, hindi naging suliranin ang pagsusuko ng musikalidad ng tula sa ibig sabihin o kahulugan. Si Salvador P. Lopez lamang naman ang nagkaroon ng suliranin sa usapin ng anyo laban sa nilalaman. Sa makatang Tagalog na maláy sa tradisyon, walang tunggalian sa pagitan ng dalawa. Higit na naging suliranin ng mga nagsusulat sa Ingles ang tunggalian ng anyo at nilalaman. Sa simula ng

¹¹ Virgilio S. Almario, *Balagtasismo Versus Modernismo: Panulaang Tagalog sa Ika-20 Siglo* (Quezon City: Ateneo De Manila University Press, 1984), p. 255.

¹² Ibid.

¹³ Lilia Quindoza-Santiago, "Pilipino Poetry of Protest in the Seventies," sa Ordoñez, *Nationalist Literature*, p. 306.

pagsusulat sa Ingles sa Filipinas, na panahon ni Lopez, naging dibdiban ang pagsisikap ng mga makatang nanghihiram ng dila na mapagmukhang tula ang anyo ng kanilang ginagawa. Sa obserbasyon nga ni Alfredo Navarro Salanga,

*For them the problem of form was primary because it was the index of how well a second language had been mastered. The users of a second language are, after all, forever conscious of the need to approximate the levels achieved by native users. . . . it is only after the mastery of form has been achieved that concern with content can be fully grappled with.*¹⁴

Maging si Alejandro G. Abadilla, na kinilalang "Ama ng Makabagong Tulang Tagalog" ay hindi nagkaroon ng suliranin sa bagay na ito. Totoo na naghimagsik siya laban sa tugma at sukat, ngunit kailanman ay hindi niya ito inayawan. Mekanikal na paggamit ng tugma at sukat ang kaniyang tinuligsa. Sa tingin niya, hindi tula kundi prosang nakasilid sa mahigpit na anyo ng tugma at sukat ang sinusulat ng mga makata sa kaniyang panahon. Aniya,

Nanaig sa pana-panahon mula kay Balagtas hanggang kay Corazon de Jesus, at mula rito hangga ngayon, ang mga daing, mga hinanakit at mga kalungkutang nakalupasay na sinukatang buong tiyaga at pinatunog nang paris-paris—mga parirala at pangungusap na bilad na bilad at kaya wala ka nang maaaring balikan sa unang pagbasa. Iyan ang pamantayan ng tulang Tagalog hangga ngayon; ang tuluyang nakakubli sa madawag na punong kalyos na kung tawagin ay sukat at tugma.¹⁵

Naghangad si Abadilla ng higit na kaisahan ng anyo at nilalaman ng tula. Kaya nga sa kaniyang "Ako ang Daigdig," ang makata, tula, at daigdig ay iisa. Ang totoo, na siyang pinaniniwalaan ko, may mga tula na angkop na isulat nang may tugma at sukat at may mga tula namang mainam kung nasa malayang taludturan. Sabi pa ni Alejandro Abadilla,

Kung ang damdamin ng Makata, samantalang hindi pa naibubulalas, ay mayroon nang sukat at tugma, ay ano ang makahahadlang sa kaniya upang yao'y ibulalas

¹⁴ Alfredo N. Salanga, *Chronicles & Dispatches* (Quezon City: New Day Publishers, 1991), p. 12-13.

¹⁵ Alejandro G. Abadilla, *Ako ang Daigdig at iba pang mga Tula* (Maynila: Silangan Publishing House, 1955), p. ix.

na pasukat at tugma? Datapwa, kung ang damdaming iyang nasa Makata ay ipinasyang lalong mabuting ipahayag, sa ngalan ng guniguni, sa pamamagitan ng pag-iwas sa tugma at sukat ng pinagkagawiang pagtula, ay ano ang makahahadlang sa kaniya upang siya'y magpahayag ng damdamin sa pamamagitan ng malayang taludturan?¹⁶

May tugma at sukat man o nasa malayang taludturan, ang tula ay tula dahil sa taglay nitong talinghaga. Para kay Abadilla, hindi madaling unawain ang tunay na tula. Hindi nakukuha sa isang basahán ang kahulugan nito. Tulad ng ating katutubong bugtong, nakapagpapaisip ang tula. Sabi nga niya,

. . . ang tula, at taal na tula sa kaniyang kasukdulan, ay may kalikasan ng ating mga bugtong, matalinghaga at di-mababaw. Ang bugtong noong una ay malalim at matalinghaga, at kung kaya lamang alam na natin ngayon ang katuturan ay sapagkat may tinawid na mga dantaon, at marahil ay mga libo pa.¹⁷

Napakahaba at napakalawak na ng tradisyon ng panulaan sa Filipinas bagaman tradisyon sa panulaang Tagalog pa lamang ang talagang malawakang napag-aaralan ng ating mga iskolar at kritikong pampanitikan. Isang malaking pangangailangan na makilala ng mga mag-aaral o magtuturo ng pagsulat ng tula ang poetiko, historiko, at tematikong pagsulong ng pagtula sa Filipinas. Sa pamamagitan nito, mapag-iiba nila ang pagtula ni Balagtas at ng mga sinaunang Filipino, mauunawaan nila kung paano binagayan at binago nina Jose Corazon de Jesus at Amado Hernandez ang pagtula ni Balagtas, at mapahahalagahan nila ang mga inobasyong ipinasok nina Alejandro Abadilla, Rio Alma, Rogelio Mangahas, Lamberto Antonio sa pananaludtod at pananalinghaga. Gayundin, maipaliliwanag nila kung bakit moderno kahit parang tunog pambalagtas ang tula ni Teo Antonio at kung bakit tula ang mga prosang itim ni Mike L. Bigornia.

Sa kaniyang tanyag na sanaysay na "Tradition and the Individual Talent," nilinaw ni T.S.

¹⁶ Abadilla, *Parnasong Tagalog*, p. 265.

¹⁷ Abadilla, *Ako ang Daigdig*, p. x.

Eliot kung ano at kung gaano kahalaga ang tradisyon sa pagtula. Para sa kaniya, hindi basta-basta nakakamit o minamana ng sinuman ang tradisyon. Ang pagiging tradisyonal ay hindi isang walang malay na pagsunod lamang sa pamamaraang naunang ginamit ng sinundang henerasyon. Para kay Eliot, kailangang magkaroon ng kamalayang pangkasaysayan o historical sense ang sinumang magpapasiyang magmakata. Nalilinig ito sa pakikipag-ugnayan at pakikipag-isa ng sinuman sa mga nauna at darating pang makata.. Nasa pagkatalos sa magkaalinsabay na pag-iral ng lumipas at kasalukuyan, ng luma at bago, ang pagiging tradisyonal ng isang makata. Sa ganitong paraan lamang niya higit na matitiyak at mauunawaan ang kaniyang sariling lugar at panahon. Tradisyon ang nagbibigay ng depenisyon at kabuluhan sa isang makata, at ayon nga kay Eliot, *"No poet, no artist of any art, has his complete meaning alone. His significance, his appreciation is the appreciation of his relation to the dead poets and artists."*¹⁸

PAGIGING BUKAS SA IMPLUWENSIYA

Hindi lamang mga Filipino ang tumutula sa mundo. May iba't ibang paraan ng pagtula na nalinang ng mga makata sa bawat bansa. Mainam kung makababatid tayo ng mga pamamaraan mula kina Baudelaire, Rimbaud, Rumi, Li Po, Eliot, Garcia Lorca, Neruda, Quasimodo, Ginsberg, at iba pa, na wala sa ating umiiral na tradisyon. Sa gayon, makapagpapasok tayo ng mga pagbabago at hindi makakahon sa iyon at iyon ding proseso.

Bunga ng pagkakapag-aral ng mga Filipino sa mga unibersidad sa Amerika at Inglatera noong dekada kuwarenta at singkuwenta, napagbinhi, yumabong at napamunga sa mga pangunahing institusyon ng edukasyon sa Filipinas ang uri ng panitikang kumikilala at nagpapahalaga sa masinsing pagkakabuo ng isang tekstong pampanitikan. Panahon iyon ng lubos

¹⁸ T.S. Eliot, *T.S. Eliot: Selected Essays* (London: Faber and Faber Limited, 1932; muling limbag, Trowbridge, Wiltshire: Redwood Burn Limited, 1986), p. 14-15.

na pagsasaalang-alang hindi lamang sa nilalaman ng isang akda. Higit sa lahat, kailangang may pagkakaangkop ang ganda ng sinasabi sa paraan ng pagkakasabi. Sa madali't salita, naging lunduyan ng lahat ng pagpapahalaga ang "craftsmanship" o kahusayan sa sining ng paglikha.

Ayon nga kay Ophelia Alcantara-Dimalanta:

*It was only at about this time that our poets and critics began to consider poetry, as work of art, as a significant ordering of images, a timeless complex pattern of meanings. They began to be more seriously concerned with what went on in a work of literary art, how language worked in it, how imagery was used, what totality of meaning was achieved and how this was achieved, the dynamism and the enrichments provided by tensions and the necessity for the interaction of sense, emotion, thought, in the poetic process.*¹⁹

Bunga ng mga natutuhan sa mga klase sa literatura na may oryentasyong Formalista at bunga na rin ng sariling-sikap na pinasidhi ng personal na "libog" sa pagtula, pinagsumikapan ng mga lumitaw na kabataang makata noong dekada sienta na makapaghawan ng landas para sa makabagong pagtula sa Tagalog. Sa mga pahinang Filipino ng *Dawn*, opisyal na pahayagang pangmag-aaral ng University of the East, itinanghal nina Rogelio G. Mangahas, Virgilio S. Almario, at Lamberto E. Antonio (na kinilala bilang mga "Manlilikha") ang kanilang mga tula na naimpluwensiyahan ng mga tulang sinulat ng mga batikang imahenista, simbolista, suryalista, ekspresyonista, realista, at iba pa, na tulad nina T.S. Eliot, Federico Garcia Lorca, Rainier Maria Rilke, Salvatore Quasimodo, Paul Valery, at Ezra Pound. Sa pagkukuwento nga ni Rogelio G.

Mangahas:

Ang impluwensiya ng mga naturang makata ay maluwag naming tinanggap at inilangkap namin sa mga katutubong tradisyon, sa mga pananagisag na hango sa ating panitikan, kultura, kasaysayan. Sa gawaing ito ay namamalayan namin ang mga bagay na aming iniwasan o pinaghihimagsikan sa ating panulaan: ang moralismo o lantarang pangangaral, sentimentalismo, kabuhaghagan ng taludtod o porma dahil sa pagkamasalita, pamamakipak ng kombensiyon, inhibisyon, at

¹⁹ Ophelia Alcantara-Dimalanta, *The Philippine Poetic* (Maynila: Colegio de San Juan de Letran, 1976), p. 7.

natural na kasama rito ang tiwaling 'values' sa ating lipunan.²⁰

Pansinin kung paanong iniaalingawngaw ng sumusunod na dalawang saknong mula sa tulang “Sa Pamumulaklak ng Diliwariw” ni Rogelio G. Mangahas ang kalupitan ng Abril sa *The Wasteland* ni T. S. Eliot:

Ang abril ay marikit na kalupitan
ng kalikasan...
ngunit ako’y mamamasyal na walang balanggot
at hubad ang mga paa;
ako’y hindi nangangamba sa kagandahan.

Tara, kung nais mong magsilindro
ng hiwa-hiwang tubig sa mga tumana;
kung iyang mga mata ang tanging hindi takot
na umibig,
ang pagtitiis ay ilatag na mantalona
sa likod ng kalabaw na matsora.²¹

Pansinin din kung paanong ang “wasteland” ay naging “lupang binabaog”, at sa panahunang Abril pa rin, sa tulang “Agunyas-Lunsod sa Abril” ni Rio Alma:

pag-usad ng huling usok-pugon sa tiyan ng langit,
ng abuhi’t dugong langit...huwag nating
pag-usapan ang dilim ng magdamag
sa nakasisilaw na lente ng dagitab
ni ang nilakbay mong sunod sa kaingin
at hubad na dibdib ng lupang binabaog,
wika mo, binabaog ng apoy at araw.²²

Sa kabilang banda, nag-umpisa rin ng sariling eksperimentasyon at kalakaran sa pagtula ang mga guro at estudyanteng makata ng Ateneo De Manila University na nagpakilala bilang mga makatang "Bagay". May ganap na kamalayan din sa mga kairalang pampanulaan sa

²⁰ Rogelio G. Mangahas, *Mga Dugang Plakard at iba pang Tula* (Quezon City: Manlapaz Publishing House, 1971), p. iii.

²¹ Ibid., p. 1.

²² Rio Alma, *Makinasyon at iba pang tula* (Maynila: Pioneer Printing Press, 1968), p. 22.

Kanluran, sinikap din ng mga makata ng tulang-Bagay na makapagpasok ng kabaguhan sa tradisyon ng tulang Tagalog na sa obserbasyon nila ay iniiralan pa rin ng lantarang pangangaral at melodramatikong sentimentalismo na bakas na bakas sa mga Balagtasian sa radyo at pistang-bayan at sa mga akdang nalalathala sa lingguhang *Liwayway*.

Ayon kay Virgilio S. Almario, nahalaw marahil ng mga makatang Bagay ang panawag nila sa sarili mula sa "*thingness poems*" ni Rainer Maria Rilke. Itinakda ng mga pangunahing tagapagpasimuno nito na sina Bienvenido Lumbera, Rolando Tinio, at Jose F. Lacaba, na ang kanilang pagtula ay magdudulot ng bagong pagkaunawa sa pagkabagay ng mga bagay gamit ang kontemporaneong pananagalog.²³ Pansinin bilang halimbawa ang sumusunod na sagnong na may himig-kontemplatibo at eksistensiyal na nagtatanong mula sa tulang "Batuhan" ni Rolando S. Tinio:

Inaakit ako ng mga bato—
Mapipintog na pagkaabong
Namemerde-nangangasul sa pagtanaw
Sa dagat na tila gumagapang.
(Anong poot, dahas ang namuo,
Namaga at naglaman,
Kinuyum-kuyom sa dibdib
Na naghugis-pakwan?)²⁴

Ang mga pagbabagong ganito na sinimulan ng mga kabataang makata noong dekada animnapu at pitumpu ang impluwensiyal na kalakarang pampanulaan na namayani hanggang sa pagtatapos ng siglo dalawampu at hanggang sa pagsisimula ng siglo dalawampu't isa. Sa kasalukuyan, sapat na munang banggitin na ginugulat tayo ng performance poetry na ipinauso sa Filipinas ni Vim Nadera at ng matatahimik, matitimpi, at abstrakto kaya mahirap unawaing mga

²³ Virgilio S. Almario, *Balagtasismo versus Modernismo: Panulaang Tagalog sa Ika-20 Siglo*, p. 204-205.

²⁴ Rolando S. Tinio, *Dunung-dunungan* (Maynila: Heart-throbs & Other Beats, 1975), p. 15.

taludtod sa mga tula ni Allan Popa. Mga hakbang pasulong ito, mga inobasyon, na tiyak na makapagpapabago sa direksiyong nilalandas ng Panulaang Filipino.

MAPAGPASOK NG INOBASYON

Ito ang pinakamahirap ituro, ngunit maituturo. Kung may malawak na pagkabatid ang sinuman sa mga tradisyon ng pagtula mula sa loob at labas ng bansa, matutukoy niya ang mga pamamaraang kinapapalooban ng isang makata sa paglikha. Mula sa pagpili ng paksa, paggamit ng metapora o iba pang kasangkapang retoriko, hanggang sa pagtutugma at sukat o sa paghahanay ng mga iregular na taludturan ng mga naunang makata, makakukuha ng halimbawa at makapagsisimula ang isang mag-aaral sa pagbuo ng sarili niyang tula.

Sa sariling praktis ko ng pagtula, bilang halimbawa, malaking bagay na naging maláy ako sa mga pagbabagong pangkalakaran sa pagtulang Tagalog na malalimang tinalakay ni Bienvenido Lumbera sa kaniyang *Tagalog Poetry 1570-1898: Tradition and Influences in its Development* (1986), ni Virgilio S. Almario sa kaniyang mga aklat na *Balagtasismo Versus Modernismo: Panulaang Tagalog sa Ika-20 Siglo* (1984), *Taludtod at Talinghaga: Mga Sangkap ng Katutubong Pagtula* (1985), *Kung Sino ang Kumatha kina Bagongbanta, Ossorio, Herrera, Aquino de Belen, Balagtas, abtp., Mga Imbestigasyon sa Panitikan ng Kolonyalismo* (1992), *Poetikang Tagalog: Mga Unang Pagsusuri sa Sining ng Pagtulang Tagalog* (1996), *Mutyang Dilim: Ang Bagong Pormalismong Filipino sa Pagbasa ng Tula* (2001), at binigyan ng sapat at mahuhusay na halimbawa sa mga antolohiyang tulad ng *Parnasong Tagalog o Buhay na Larawan ng Ating Panulaan* (1949 at 1964) ni Alejandro G. Abadilla at *Walong Dekada ng Makabagong Tulang Pilipino* (1982) ni Virgilio S. Almario. (Tingnan ang Apendiks)

Hindi ko suliranin kung dapat ba o hindi dapat akong gumamit ng tugma at sukat. May

mga tula na sinusulat kong may tugma at sukat dahil ito ang anyong hinihingi ng paksa. Gayundin naman kung malayang taludturan. Sa madali't salita, pagkakaangkop ng anyo at nilalaman ang higit na mahalaga para sa akin. Tulad ng mga makatang natuto ng Formalismo o Bagong Kritisismo noong dekada animnapu, mahalaga sa akin ang organikong kaisahan (organic unity) na nangangahulugang may di-mapaghihiwalay na ugnayan ang anyo at nilalaman ng isang akda, taliwas sa neoklasikong paniniwala na ornamental o palamuti lamang ang anyo sa anumang dati nang umiiral na nilalaman.²⁵

Kaugnay nito, sinisikap ko ring iwasan sa aking pananalinghaga ang pagkakaroon ng mga magkasaliwang metapora (mixed metaphor) na ibinubunga ng di-lohikal o asiwang kombinasyon ng dalawang magkalayong katangian sa paglalarawan ng isang bagay.²⁶ Halimbawa, sa pangungusap na, “Huhukayin ko ang pag-ibig sa dagat ng iyong dibdib,” di-lohikal na iugnay ang kilos na “paghukay” sa dagat. Lupa, disyerto, puntod, at iba pang kauring imahen ng mga ito ang maaaring hukayin. Ang dagat ay puwedeng pamangkaan, languyin, o sisirin. Kaya higit na wastong sabihin, at hindi magiging magkasaliwa ang metapora, kung ganito ang magiging pahayag: “Huhukayin ko ang pag-ibig sa puntod ng iyong dibdib.”

Kung para kay Alejandro G. Abadilla, hindi madaling unawain ang tunay na tula, ibig kong igiit na hindi kailangang pagmukhaing mahirap unawain ang tula upang matawag itong tula. Sa ganang akin, sapat nang sabihin na isang depamilyarisasyon ang tula. Itinatanghal nito ang mga karaniwang bagay sa di-karaniwang paraan kaya nakaaakit ng pansin. Sabihin pa, isang kongkretong karanasan ang tula na nakasasanhi ng pag-iisip at pagkatanto para sa dumaranas o nagbabasa nito. Kahit ang mga inaakalang madaling maunawaang tula ay may mga kahulugang

²⁵ Chris Baldick, *The Concise Oxford Dictionary of Literary Terms* (Oxford: Oxford University Press, 1990), p. 156.

²⁶ *Ibid.*, p. 134.

lampas sa inaakalang kahulugan nito. Pangunahing kasangkapan para sa aking pagtula ang metapora at parikala.

Sa paliwanag ni I.A. Richards sa kaniyang *The Philosophy of Rhetoric* (1936), may dalawang bagay na dapat isaalang-alang sa pagtunghay sa isang metapora—ang *tenor* at ang *vehicle*. Ang *tenor*, aniya, ang bagay na siyang tinutukoy, sinasabi, o siyang iniisip samantalang ang *vehicle* ang bagay na pinaghahambingan. Sa higit na payak na pagsasabi, ang *tenor* ang kahulugan samantalang ang *vehicle* ang siyang metapora o larawan.²⁷ Sa madali't salita, ang *vehicle* ang "sinasabi" samantalang ang *tenor* ang "ibig sabihin".

Sa bugtong, halimbawa, na "Bumbong kung liwanag, / Kung gabi ay dagat", may isang bagay na nakikita bilang ibang bagay. Kung araw o maliwanag, bumbong ang bagay na ito. Kung gabi naman o madilim, dagat ang bagay na ito. Malinaw na isa itong depamilyarisasyon. At metaporiko ang buong bugtong. Nakikita ang isang bagay bilang ibang bagay. Ang banig, na siyang sagot sa bugtong, ay nakikita bilang bumbong kung araw at dagat kung gabi. Samakatwid, ang buong bugtong na isang metaporikong pahayag ang siyang *vehicle* samantalang ang sagot na banig ang siyang *tenor*. Sang-ayon kay Cleanth Brooks, parikala ang namamayaning prinsipyo sa estuktura ng tula. Dahil ginagamitan ng metapora, isang parikala ang tula.²⁸

Bagaman nakilalang isa sa mga ipinamamaraling katangiang pampanitikan ng Bagong Kritisismo, ang parikala ay malaon nang bahagi ng panulaang Tagalog. Nakatala ang salitang ito sa pahina 244 ng makasaysayang *Vocabulario de la lengua tagala* (1754) nina Juan de Noceda at

²⁷ I. A. Richards, *The Philosophy of Rhetoric* (New York: Oxford University Press, 1936), p. 96.

²⁸ Cleanth Brooks, "Irony as Principle of Structure," sa David H. Richter, pat., *The Critical Tradition, Classic Texts and Contemporary Trends* (New York: St. Martin's Press, Inc., 1989), p. 799-807.

Pedro Sanlucar, at binigyan ng ganitong pagpapakahulugan: "*hablar ironice, picar a otro.*"²⁹ Tulad ng obhetibong katumbas (*objective correlative*) ni T. S. Eliot, na ayon kay Bienvenido Lumbera ay umiiral na sa panulaang Tagalog bago pa man dumating ang mga Espanyol at matutumbasan ng salitang "talinghaga"³⁰, ang parikala ay hindi lubos na banyaga o tiwalag sa panitikan at lipunang Filipino. Ang totoo, higit itong paboritong kasangkapanin ng mga makata sa Tagalog o Filipino.

Higit na pinamamayanihan ng parikala ang mga sinaunang bugtong at salawikain, at maging ang mga tula nina Jose Corazon de Jesus at Amado Hernandez. Prinsipyo itong namamayani sa makalaglag-pangang bisa ng tinatawag na siste ng mga Tagalog. Sang-ayon nga kay Virgilio S. Almario: "Ginigising nito ang limang pandama, inuudyukan ang harayang magsaliksik at tumuklas, samantalang hinuhugasan ang wika—tinatangalan ng nanikit na mantsa't libag, ng huklubang bulaklak ng dila't gusgusing tayutay."³¹

Tingnan, bilang halimbawa, ang tulang "Pasióng Mahal ni San Jose," ni Jose F. Lacaba:

Pait, katam, at martilyo,
ibubulong ko sa inyo
ang masaklap kong sikreto:
hindi ko pa inaano
ay buntis na ang nobya ko.

Ang sabi ng anghel, wala
akong dapat ikahiya,
walang dahilang lumuha;
dapat pa nga raw matuwa
pagkat Diyos ang gumahasa.

Martilyo, katam at pait,

²⁹ Virgilio S. Almario, *Parikala: Mga Bagong Tula, Mga Bagong Makata* (Maynila: Kalikasan Press), p. 9.

³⁰ Bienvenido Lumbera, *Tagalog Poetry 1570-1898: Tradition and Influences in its Development* (Quezon City: Ateneo De Manila University Press, 1986), p. 13.

³¹ Almario, *Parikala*, p. 11.

makukuha bang magalit
ng karpintero? Magtiis.
Ang mahina't maliit,
wala yatang laban sa langit!³²

Bukod sa iniiba ng tulang ito ang ating pagtingin sa Pasyon at sa kasaysayan nina Maria at Jose ng Bibliya, kaya masasabing may bisa ito ng depamilyarisasyon, parikala ang higit na namamayani sa tulang ito. Sa tatlong sakhong nito, may ipinakikitang hindi dapat. Hindi dapat mabuntis ang nobya ng persona na hindi pa niya inaano. Hindi dapat matuwa ang persona sa pagkakagahasa ng Diyos sa kaniyang kasintahan. May dahilan ang persona para mahiya. May dahilan ang persona para lumuha. Naglulundo ang di-dapat na ito sa huling pangungusap ni San Jose sa tula: "Ang mahina't maliit, / wala yatang laban sa langit." Ito ang pinakaaral ng tula na sinabi sa paraang pabaligtad, sa paraang paparikala. Kagulat-gulat ang buong tula dahil hindi tama ang mga nangyayari rito. Higit na nakapagpapagalit ito sapagkat hindi tahasan ang pagpapatanggap ng aral, na siyang operasyon o pamamaraan ng maparikala o masisteng pagtula. Ganito rin, humigit-kumulang, ang bisa ng parikala sa tulang "Gabi ng isang piyon" ni Lamberto E. Antonio:

Di ka makatulog.
Iniwan nga ng palad mo ang pala,
Martilyo, tubo, kawad at iba pang kasangkapan,
Subalit ang alas-singko'y hindi naging hudyat
Upang iwan ng graba, semento't eskombro
Ang iyong hininga.
Sa pagkindat ng bombilya,
Sa karimlan mo nga lamang maihahabilin ang silakbo
At ang kirot ng himaymay: lintos, galos at hiwa
Ng braso at daliri at iwa sa puso't utak,
Kapag binabanig ang kapirasong playwud, kusot
O supot-semento sa ulilang sulok
Ng gusaling tinutunghan pa sa krokis.

³² Jose F. Lacaba, "Pasiyong Mahal ni San Jose," sa Virgilio S. Almario, pat., *Walong Dekada ng Makabagong Tulang Pilipino* (Maynila: Philippine Education Co., Inc., 1981), p. 262.

Di ka makatulog.
 Kailangan ng tulad mong sagad-buto
 Na ang pagod na dalawing-antok, dapwat mikser
 Sa paningin ay wari bang haplit pa ring umiinog—
 Dugo't pawis pang lalangkap sa buhangin at sementong
 Hinahalo, na kalamnang itatapal mo
 Sa bakal na mga tadyang: kalansay na nabubuong
 Dambuhala mula sa 'yong pagsasakit bawat saglit;
 Kapalit ang kitang di-maipantawid-gutom,
 Pag-asam sa bago at bagong konstruksiyon
 At dalanging niluluom ng pawis at orasyon.
 Pag ganitong nilalaslal ng neon lights ang karimlan,
 Pag wala nang kontratista at ganid na kanang kamay,
 Luksang mga kaanyua'y dumarating
 At sa diwa'y dumuduro:
 Halimbawa'y pisnging humpak ng nakaratay na bunso
 O asawang may paninging nanlalabo
 Sa harap ng lugaw at asing tamilmil isubo...
 Bukod sa malamig na gabing resetang lagi ng magdamag
 Sa kahubdang ayaw maniwalang siya'y nagbubuto't balat.
 Paano ka mahihimbing
 Kung sa bawat paghinga mo'y tila unti-unting kinakain
 Ng bubungang sakdal-tayog ang mga bituin?
 Makapag-uusisa ka na nga lamang sa dilim ng sulok:
 Kung bakit di umiibis ang graba,
 Eskombro't semento sa iyong hininga—
 Kapag nabubuo sa guniguni mong isa ka ring piyesa
 Ng iskapolding na kinabukasa'y babaklasin mo rin...³³

Kung pagmamasdang mabuti ang tekstong binubuo ng iisang sagnong na may apatnapu't isang taludtod, kapansin-pansin na dalawang ulit lumitaw, sa taludtod 1 at 14, ang pangungusap na "Di ka makatulog." Waring hindi pa nasiyahan sa dalawang kategorikal na pahayag, binanggit muli ng persona sa ikatlong pagkakataon ang ganitong diwa ngunit sa isang paraang higit na nagtatanong o mapag-ungkat nang sabihin niya sa ika-34 na taludtod ang "Paano ka mahihimbing...?" Pansinin na may labindalawang taludtod na nakapagitan sa una at ikalawang

³³ Lamberto E. Antonio, *Hagkis ng Talahib* (Parañaque, Metro Manila: Aklat Peskador, 1980), p. 84-85; Matatagpuan din sa Virgilio S. Almario, ed., *Walong Dekada ng Makabagong Tulang Pilipino* (Manila: Philippine Education Company, Inc., 1981), p. 235-236; at sa Bienvenido Lumbera at Cynthia Nograles Lumbera, *Philippine Literature: A History and Anthology* (Manila: National Book Store, 1982), p. 416.

"Di ka makatulog." May labinsiyam naman sa pagitan ng ikalawang "Di ka makatulog." at ng "Paano ka mahihimbing...?" Pipitong taludtod na lamang ang sumunod sa "Paano ka mahihimbing...?" Masasabi, kung gayon, na may tatlong bahagi ang buong tula. Ang simula ng unang bahagi ay ang unang "Di ka makatulog." Ang ikalawang "Di ka makatulog." ang simula naman ng ikalawang bahagi samantalang ang "Paano ka mahihimbing...?" ang simula ng ikatlong bahagi.

May tiyak na ipinahahayag ang persona sa bawat bahagi ng tula. Sa ika-2 hanggang ika-6 na taludtod, tinutukoy ng persona ang balintunang kalagayan ng piyon: bagaman alas singko na at iniwan na nito ang mga kasangkapan sa paggawa, hindi pa rin iniwan ng graba, semento at eskombro ang hininga nito. Binibigyang-diin ng mga taludtod na ito na kahit nag-ikalima na ng hapon, hindi umalis sa pook ng paggawa ang piyon. Alalahanin na sa hirarkiya ng mga manggagawa sa isang konstruksiyon, nasa pinakababa ang mga piyon. Ang pinakamahihirap na gawain (gaya ng paghahalo ng semento, graba at eskombro) na higit sa lahat ay nangangailangan ng lakas ng katawan, hindi ng espesyal na kasanayan o skill na taglay ng mga karpintero at kantero, ang ipinagagawa sa kanila. Ngunit sa kabila nito, sila ang pinakamaliit ang sinusuweldo. Dahil dito, hindi praktikal sa isang piyon ang mag-uwian. Kailangang maging lingguhan o minsan pa nga ay buwanan ang uwi upang hindi na makabawas pa ng ipamamasaha sa kakarampot na kinikita. Doon na lamang siya sa konstruksiyon nagpapalipas ng magdamag. Dahil hindi nga umuuwi ang piyon, literal na hindi nito iniwan at hindi ito iniwan ng graba, semento at eskombro. Talaga namang ang pulbos ng mga materyal na ito ay nakakalat sa buong pook ng paggawa, madaling natatangay ng hangin at nasisinghot ng sinuman. Mga dumi itong napapalagak sa baga at maaaring magdulot ng sakit o impeksiyong may kinalaman sa paghinga.

Sa ika-7 hanggang ika-13 taludtod, inilalarawan ng persona ang mga pisikal na hinagpis ng piyon: lintos, galos, hiwa ng braso at daliri. Idinagdag pa ng persona na ang ganitong paghihinagpis o pagdama ng pisikal na sakit ay nagagawa lamang ng piyon sa karimlan. Samakatwid, sa araw kung kailan aktuwal na naghihirap siya, hindi niya nadarama ni napag-iisipan ang kaniyang marawal na kalagayan. Sa gabi kung kailan hindi na siya nagtatrabaho, saka lamang niya nararamdaman at naihihimutok ang lahat ng sakit niyang nararanasan. Talagang hindi siya makakatulog sapagkat hindi iniwan ng graba, semento at eskombro ng paghihirap ang kaniyang hininga.

Sa ika-15 taludtod, nagsimula ang persona sa pagsasabing kailangang dalawing-antok ang piyon na sagad-buto na ang pagod. Ngunit sa paningin niya ay may mikser na haplit pa ring umiinog. Maaaring literal na mikser ang tinutukoy rito dahil nasa construction site pa rin ang piyon. Kaya nga lamang, gaya ng isinasaad sa ika-11 hanggang ika-13 taludtod, nakahimlay na sa karimlan ang piyon. Samakatuwid, higit na metaporiko ang gamit ng mikser dito. Pagiging konsistent lamang ito sa naging pagbanggit ng persona sa graba, semento at eskombro (na sumasagisag sa mga sanhi ng paghihirap ng piyon) sa unang bahagi. Pansining hindi iniwan ng mga materyal na ito ang hininga (na sagisag ng buhay) ng piyon.

Isang sinematiko-waring kasangkapan ang mikser sa bahaging ito. Umiinog ang mikser na ito sa paningin ng piyon, at sa bunganga nito ay nakikita ng piyon ang paghahalo ng mga sangkap na kailangan upang mabuo ang gusaling itinitindig nila. Sa ika-20 hanggang ika-24 na taludtod, pansinin na inilarawan ang gusali bilang isang dambuhalang nabubuo mula sa pagsasakit bawat saglit ng piyon. Pinagmistulang isang halimaw na sobrang laki at masiba ang gusaling ito. At ang buhay ng dambuhalang ito ay nasa maliit na piyon. Habang patuloy na nabubuo ang gusali, unti-unti namang nawawasak ang piyon. Nagmumula sa piyon ang lamang

ipinampupuno/ipinambubuo sa kalansay ng gusali kaya sa wakas, sa matipunong pagkabuo ng dambuhala, ang piyon ay "nagbubuto't balat."

Isa itong malaking kabalintunaan. Ang maliit ang lumilikha ng malaki. Ngunit sa pagkalikha ng malaki, hindi lumalaki ang lumikhang maliit. Isang alyenasyon o pagkatiwalag ito na sa lengguwahe ng Marxismo ay tumutukoy sa literal at sikolohikong distansiya ng manggagawa sa produkto ng kaniyang paggawa, at sa pagkawasak ng ugnayang pantao bunga ng kapangyarihan ng kapitalismo.³⁴ Hindi lamang hindi natutumbasan ang ginawa ng piyon para sa pagkabuo ng gusali. Higit sa lahat, ang halaga niya bilang gumawa ng gusali ay hindi kinikilala o napahahalagahan. Ang ibinigay niyang bahagi ng kaniyang sarili na kinasangkapan sa pagtatayo ng gusali ay hindi na kaniya. Siya na sumanhi sa pagkakaroon ng bunga ay hindi ang mag-aari at makikinabang sa bunga. Ang resulta: "pag-asam sa bago at bagong konstruksiyon..." Patuloy siyang magbibigay ng kaniyang maliit na sarili alang-alang sa ikalalaki ng iba. Ngunit ang pagbibigay na ito ay hindi nakapagpapalaki o makapagpapalaki sa kaniya. Unti-unting nawawasak hindi na lamang ang kaniyang sarili kundi pati na ang ekstensiyon ng kaniyang pagkatao: ang kaniyang asawa at anak.

Talagang hindi makakatulog ang piyon dahil patuloy na umiinog ang mikser sa kaniyang paningin. Hinahalo nito sa kaniyang diwa at damdamin ang masasaklap na detalye ng kaniyang paghihirap. Sa pamamagitan ng paglaslas ng neon lights sa karimlan, nakikita niya ang katotohanang hindi makapagpatulog sa kaniya. Katotohanan itong artipisyal tulad ng neon lights. Bilang manggagawang nag-uukol ng sarili sa paglikha, hindi likas sa kaniya ang maging dukha. Ngunit dahil sa mga kontratista at ganid na kanang kamay, namamayani ang isang paniniwala o ideolohiyang mapandusta sa uring manggagawa at ang tanging pinaglilingkuran ay ang mga nasa

³⁴Joseph Childers at Gary Hentzi, ed., *The Columbia Dictionary of Modern Literary and Cultural Criticism* (New York: Columbia University Press, 1995), p. 7.

kapangyarihan o ang kapitalista. Sa harap ng ganitong katotohanan, talagang mahirap makatulog ang piyon.

Mabigat ang naging pagtatanong ng persona sa piyon sa ika-34 hanggang ika-36 na taludtod: "Paano ka mahihimbing / Kung sa bawat paghinga mo'y tila unti-unting kinakain / Ng bubungang sakdal-tayog ang mga bituin?" Kung hindi na nga makatulog ang piyon dahil sa matinding sakit ng katawan at kalooban, paano pa nga naman ito mahihimbing? Angkop lamang ang pagkahimbing sa walang inaalaala tulad ng may matatag na hanapbuhay, sariling bahay at lupa, at naimpok sa bangko. Pagiging panatag o sigurado sa buhay ang pagkahimbing, bagay na wala sa piyon na walang iniwan sa "piyesa ng iskapolding" na tiyak na babaklasin matapos maitayo ang gusali. Ang masaklap, wala nang kapag-a-pag-asa pa ang piyon upang makaahon mula sa kalagayang ito na kaniyang kinasadlakan. Ito ang ipinamumukha ng persona sa naging pagtatanong nito sa piyon sa ika-34 hanggang ika-36 na taludtod. Kung tutuusin, isa itong retorikal na tanong na sadyang hindi na dapat pang sagutin.

Sabi nga, habang buháy ay may pag-asa. Ngunit sa bawat paghinga ng piyon ay kinakain ng bubungang-sakdal tayog ang mga bituin. Kumbensiyonal na simbolo ng pag-asa ang bituin. Dito binabása ang kapalaran ng isang nilikha, gabay ito ng mga manlalakbay patungo sa isang destinasyon, at natutupad ang anumang hilingin dito ayon nga kay Walt Disney. Kinakain ng bubungang sakdal-tayog ang pag-asa ng piyon. Sa halip na magkaloob ng proteksiyon sa piyon, ang bubungang sakdal-tayog na sinisilungan niya ang pumapaslang sa kaniyang pag-asa. Dahil sakdal-tayog, mahirap maabot ang bubungang ito—ang kapitalista. Ang kontratista at ang ganid na kanang kamay nga lamang ang humaharap sa piyon, hindi ang mamumuhunan mismo. Ano ang nalalaman ng mamumuhunan sa kalagayan ng piyon? Paano maaayos ng piyon ang kaniyang sitwasyon?

Kung ang bubungang sakdal-tayog na ito ay ang langit na inusig ni Florante sa walang kamatayang obra ni Balagtas, ano pa ang magagawa ng piyon? Tulad ni Florante, mapipilitan din lamang siyang magsabing: "Datapua,t, sino ang tataroc caya / sa mahal mong lihim Dios na daquila? / ualang mangyayari sa balat ng lupa / di may cagalingang iyong ninanasa"³⁵ Idiniriin na ng persona ang pinakamasaklap na katotohanan sa kalagayan ng piyon: "Makapag-uusisa ka nga lamang sa dilim ng sulok: / Kung bakit di umiibis ang graba, / Eskombro't semento sa iyong hininga..." Sa bahaging ito, hindi na lamang materyal na nagdudulot ng pisikal na sakit sa piyon ang graba, eskombro't semento. Higit sa lahat, mga maliliit (kaya nakapanunuot) na kawalang-pakialam o pagkamanhid ang mga ito na bahagi ng dambuhalang sistemang kapitalismo na walang pagsasaalang-alang sa buhay ng mga manggagawang tulad ng piyon at naglilingkod para sa kapakanan at tanging kapakanan lamang nito. At wala nang magagawa ang piyon sa ganitong kalagayan niya.

Isang may malawak na pagkabatid sa marawal na kalagayan ng piyon sa isang konstruksiyon ang nagsasalita sa tula. Tuwirang kinakausap ng personang ito ang piyon. Kapansin-pansin na hindi kababanaagan ng pagsimpatiya ang tinig ng persona. Kategoriko ang pagbibitiw nito ng pahayag, may katiyakang sinasabi ang sa paniniwala niya ay tunay na kalagayan ng piyon: "Di ka makatulog... Di ka makatulog... Paano ka mahihimbing?..." Alinsunod sa mga detalyeng inisa-isa sa itaas, nagmimistulang isang pesimista ang persona. Maaaring hinalaing ang nagsasalita ay ang piyon mismo, nakaharap-wari sa salamin at kinakausap ang sarili. Mistulang isang Florante na mahigpit na nakatali sa punong Higerá, mag-isip man nang mag-isip at maghihiyaw man nang maghihiyaw, wala ring mangyayari. Susuko at

³⁵ Ika-52 saknong ng Florante at Laura, sinipi mula sa: Carlos Ronquillo, ed. *Florante at Laura ni Francisco Baltazar* (Maynila: 1921; reprint ed., Mandaluyong, Rizal: Alberto S. Florentino, 1973), p. 14.

susuko rin lamang sa masaklap na takda ng kapalaran dahil sadyang ganyan lamang talaga ang buhay.

Gayunman, nais kong igiit na sa halip na sa isang pesimismo o kawalang-pag-asa, inihahatid ng persona ang piyon sa isang higit na mataas na antas ng kalagayan: ang pagiging maláy. Nabubuhay ang piyon sa isang lipunang ang mayaman o kapitalista ang nasa kapangyarihan at ang dukha o manggagawa ang pinaghaharian. Umiiral sa buong pagkatao niya—sa paraan niyang mag-isip at magpasiya—ang paniniwalang ang pag-asa niya sa buhay ay ang kapitalista, ang naghaharing uri na kung wala ay hindi siya magkakaroon ng depenisyon at direksiyon. Samakatwid, tulad ng lahat ng nabibilang sa uring manggagawa, walang malay na biktima ang piyon ng huwad na kamalayan o ideolohiyang pinalaganap at sinusuhayan ng mga kapitalista upang mamalagi sila sa paghahari. Hindi niya ganap na gagap ang mga katunayan sa kaniyang pag-iral at kabuluhan sapagkat ipinatatanaw o ipinatatanggap ang ideolohiya sa mga tao na ang kanilang papel at kalagayan sa lipunan ay isang kalagayang natural at di-maiiwasan.³⁶

Isang pagpapamukha ang ginagawa ng persona, isang pagpapamalay sa piyon. Mariing sinasabi ng persona ang masaklap na detalye ng kaapihan ng piyon. Kaya nga lamang, ang kaapihan lamang talaga ng piyon ang sinabi niya. Sa ika-37 taludtod, binanggit pa niyang ang tanging magagawa ng piyon ay ang mag-usisa sa madilim na sulok (o sa paraang patago o palihim) kung bakit patuloy na hindi iniibisan ng graba, eskombro at semento ang hininga nito (o kung bakit patuloy itong naghihirap). Dito mauugat ang pagpapalagay na pesimista ang pananaw na taglay ng persona at ng buong tula mismo. Sa wari ay idinidiin ng persona na hahanggang doon na lamang o sadyang gayon na lamang talaga ang magagawa ng piyon. Ngunit hindi kailangang maging pesimista rin tayo sa tulang ito. Ang totoo, hindi pesimismo ang gumagabay

³⁶ Soledad S. Reyes, *Kritisismo, Mga Teorya at Antolohiya para sa Epektibong Pagtuturo ng Panitikan* (Pasig: Anvil Publishing, Inc., 1992), p. 79.

na diwa o prinsipyo sa "Gabi ng isang piyon" ni Lamberto E. Antonio. Higit sa anupaman, parikala o *irony* ang namamayani sa tinig ng persona. Ayon kay Virgilio S. Almario, "May layuning moral ang parikala. Tumitindi ito habang sinisipat ang isang pangyayari o sitwasyon sang-ayon sa inaakalang dapat at di-dapat ngunit sa paraang sumisilay ang dapat mula sa ganap na paggagap sa operasyon ng di-dapat."³⁷ Isang pagsasabi lamang ng hindi dapat ang ginagawa ng persona at ng tula mismo. Sa paraang hindi nagsesermon o nagkokondena, iminumulat ng persona ang kausap na piyon sa namamayaning kontradiksiyon sa buhay nito: Marami itong ibinibigay ngunit kakarampot ang tinatanggap. Tao ito ngunit nagmimistulang kasangkapan lamang na maaaring baklasin kailanman loobin ng may pagawa o sakaling natapos na ang gusali. Hindi man sinasabi ng persona na dapat magalit ang piyon, hindi maitatatuwang magngingitngit ito sa namalayang katotohanan hinggil sa kaniyang pagiging api-apihan ng mga nasa kapangyarihan. Dagdag pa nga ni Almario hinggil sa parikala: "Higit na matinkad ito kapag hindi tahas na nangangaral at sa halip ay bumubukad na pasakali at parang di-inaasahang bitag sa dulo ng pahayag."³⁸

Kaya hindi nakapagtata kang mapagkamaliang pesimista ang persona at ang mismong tulang ito ni LEA. Bagaman isang tulang may maláy na pakikisangkot, ang "Gabi ng isang piyon", higit sa lahat, ay isang tulang tumutugon muna sa pangangailangan ng isang tunay na tula alinsunod sa itinatakda ng katutubong poetika (na pinagkadalubhasaan nina Jose Rizal, Lope K. Santos, Julian Cruz Balmaceda, Bienvenido Lumbera, at Virgilio Almario) at maging ng Kanluraning Formalismo o Bagong Kritisismo (na ipinamarali nina T.S.Eliot, I.A. Richards, Cleanth Brooks, at marami pang iba).

³⁷ Almario, *Parikala....*, p. 15.

³⁸ Ibid.

Ganito rin, humigit-kumulang ang namamayaning prinsipyo ng estruktura sa tula kong “Putol.” Tingnan ang teksto ng tula kong binansagan pang “postmoderno” ni Dr. Benilda S. Santos sa isa niyang pag-aaral, bagaman naniniwala akong higit na patakarang moderno ang gumabay sa akin sa pagsulat nito:

May kanang paang
putol
sa tambakan
ng basura.
Naka-*Nike*.

Dinampot
ng basurero.
Kumatas
ang dugo.

Umiling-iling
ang basurero't
bumulong, “Sayang,
wala na namang kapares.”³⁹

Sa unang malas, tila isang pagbibiro ang buong pahayag. Ngunit kung paglilimian, may masaklap na karanasang itinatanghal ang tula. Ang totoo, isang pagbaligtad ito sa larawan ng musmos na kabutihan at pagmamalasakit na ikinintal sa atin ng mga mananalambuhay ni Jose Rizal. Sa isang anekdota tungkol sa kabataan ni Pepe, nang mahulog ang isa sa pares ng kaniyang tsinelas, inihulog na rin niya ang nalabing kapares upang kung saka-sakali ay pakinabangan ng sinumang makatatagpo sa mga ito.

Wala nang bahid ng malasakit ang basurero sa aking tula. Sa halip na mahabag sa sinapit ng kapuwa, walang ibang pinansin ang basurero kundi ang mamahaling sapatos na walang kapares. Tulad ng tambak ng basurang kaniyang ginagalawan, ang basurero mismo ay nagmimistulang basura. Ngunit hindi ko ito kinailangang sabihin sa tula. Alinsunod sa operasyon

³⁹ Michael M. Coroza, *Dili't Dilim* (Maynila: UST Publishing House, 1997), p. 23.

ng parikala, iba ang sinasabi kaysa sa ibig sabihin ng tula. At ibig sabihin itong hindi makukuha ng hindi nakasasapul sa prinsipyo ng parikala o ng pananalinghaga sa pangkalahatan.

Ang mismong anyo ng tula, lalo na ang pagkakatagpas ng salitang “putol” mula sa unang taludtod, ay may malaking kaugnayan sa pangkalahatang isinasakatuparan ng tula. Isang babala ang ganitong pagbali ng linya na may ibang nais sabihin ang tula. Na hindi ito ang nakamihasnang estruktura na nagtatanghal ng mabuti at masama.

PAGLALAGOM

Labag sa paniniwala kong hindi dapat ipinaliliwanag ng isang makata ang sarili niyang tula ang paggamit ko sa “Putol” bilang halimbawa sa panayam na ito. Gayunman, minarapat kong gamitin ang sariling karanasan upang bigyang-diin na ang pagtula ay isang patuloy at dinamikong proseso ng pagtatalaban ng tradisyon, mga impluwensiya, at inobasyon tungo sa pagkalikha ng isang organikong kabuuan na may talinghaga at pagkakakilanlang kaisa ngunit kaiba sa mga nauna.

Mahalagang bigyang-diin na sumusupling lamang ang inobasyon mula sa inter-aksiyon ng tradisyon at mga impluwensiya. Sa madali't salita, isang hindi maiiwasang hantungan o kongklusyon ang inobasyon sa pagtatagpo ng tradisyon at mga impluwensiya. Ito, sa palagay ko, ang dapat na unang matutuhan at puntong dapat pag-umpisahan ng sinumang naghahangad na sumulat ng tula o ng gurong magtuturo ng pananalinghaga.